Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

714
11-10-11

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG OKTUBRE 17, 2011, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | . . . | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | . . . | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | . . . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | . . . | Kagawad |

**KAPASIYAHAN BLG. 248-T2011**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET NG BARANGAY MALINAO NA NAGKAKAHALAGA NG TATLUMPU'T ANIM NA LIBO PITONG DAAN WALUMPU'T APAT NA PISO AT PITUMPU'T DALAWANG SENTIMOS (P36,784.72) MULA SA EXCESS NG INTERNAL REVENUE ALLOTMENT (ENERO-AGOSTO) 2011 UPANG ILAAN SA 20% DEVELOPMENT FUND (P7,356.94); 10% SK FUND (P3,678.47); 5% CALAMITY FUND (P1,839.24); MEDICINES (P5,000.00); ANNUAL DUES NG PUNONG BARANGAY (P2,000.0) AT OFFICE MAINTENANCE AND OTHER OPERATING EXPENSES (P16,910.07) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Karagdagang Badyet ng Sangguniang Barangay ng Malinao sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 60-T2011 / Kautusan Blg. 13-T2011 na nagpapatibay ng halagang P36,784.72 mula sa Excess ng Internal Revenue Allotment (Enero-Agosto) 2011 upang ilaan sa mga programang nakasaad sa itaas nito;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga alituntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Laura P. Obligacion ( Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw, Rolando Moises E. Acapulco at Serafin C. San Juan, Jr. at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Karagdagang Badyet ng Barangay Malinao na nagkakahalaga ng P36,784.72 mula sa 20% development Fund (P7,356.94); 10% SK Fund (P3,678.47); 5% calamity fund (P1,839.24); Medicines (P5,000.00); Annual Dues ng Punong Barangay (P2,000.00) at Office Maintenance and Other Operating Expenses (P16,910.07) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** *Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan,* Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Malinao, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Oktubre 17, 2011.**

**PINATUTUNAYAN** *kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.*

Jeanette P. Alfonso

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO: **KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan